

SECTION II – Mga Istorya ng Diyos

Mga Istorya na nagpapakita ng pagmamahal ng Diyos sa atin

Istorya ni Imelda: Istorya na pangbata

Si Imelda ay walang trabaho, at nangangailangan siyang makahanap ng trabaho. Siya ang nag-aalaga sa kanyang pamilya at kailangan ang pera para magawa niya ito. Isang gabi, naglalakad siya sa labas ng bahay niya. Tumingin siya sa langit, at nagdasal. “Ama, kailangan ko ng trabaho. Tulungan mo ako.”

Hindi pa siya nakakapag sulat sa mga kompanya. Subalit, sa kinabukasan, nagkaroon siya ng dalawang trabaho na naggaling sa kanyang mga kaibigan. Nagpasalamat siya at nagbigay puri sa Diyos, ang ating nagmamahal na Ama, dahil dininig niya at sinagot ang kanyang panalangin.

Sa totoo, ang ating nagmamahal na Ama sa langit, alam ang ating mga puso at ating mga isip. Lahat tayo ay pwedeng lumapit sa kanya na parang maliliit na batang anak niya. Siya ay nakikinig sa ating mga dasal na parang pambata.

Mateo 18: 2-4

“At pinalapit niya sa kaniya ang isang maliit na bata, at inilagay sa gitna nila, at sinabi, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Malibang kayo'y magsipanumbalik, at maging tulad sa maliliit na bata, sa anomang paraan ay hindi kayo magsisipasok sa kaharian ng langit. Sinoman ngang magpakababa na gaya ng maliit na batang ito, ay siyang pinakadakila sa kaharian ng langit. “

Istorya ni Priti – Humingi ka at ito ay matatangap mo

Pumasok ako sa isang bus na punong puno ng tao, kasama ng aking pinsan. Wala kaming maupuan. Biglang sumakit ang aking binti. Napakasakit, ang gustong gusto kong umupo na. Subalit walang upuan. Nagdasal ako kay Hesus na tulungan ako. Bago ko pa matapos ang aking panalangin, nakita ko ang isang bata na tumayo sa kanyang upuan, at papunta na sa pintuan ng bus para bumaba. Umupo kaagad ako sa upuan at nagpasalamat kay Hesus.

Ito ay isang istorya. Marami pa akong istorya na pwedeng ibahagi sa inyo. Tuwing magdadasal ako kay Hesus, sinasagot niya ang aking mga dalangin. Nagpapasalamat ako sa Diyos.

Mateo 7: 7-11

“ Magsihingi kayo, at kayo'y bibigyan; magsihanap kayo, at kayo'y mangakasusumpong; magsituktok kayo, at kayo'y bubuksan: Sapagka't ang bawata't humihingi ay tumatangap; at ang humahanap ay nakasusumpong; at ang tumutuktok ay binubuksan. O anong tao sa inyo, ang kung siya'y hingan ng tinapay ng kaniyang anak, ay bato ang ibibigay; O kung hingan siya ng isda, ay bibigyan niya ng ahas? Kung kayo nga, bagaman masasama ay marurunong mangagbigay ng mabubuting kaloob sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang inyong Ama na nasa langit na magbibigay ng mabubuting bagay sa nagsisihingi sa kaniya? “

Istorya ni Purnima- Walang imposible sa Diyos

Marami akong sakit sa katawan. Marami akong gamot sa aking maraming sakit. Dati, pirmi akong nag-aalala sa aking kalusugan. Subalit, pinaubaya ko ang aking buhay kay Hesus. Nag umpisa akong magdasal sa kanya araw-araw at mataimtiman. Si Hesus ay pinagaling ako ng lahat ng aking problema, at huminto na akong umimon ng gamot. Ngayon, isa na lang gamot at iniinom ko para sa alta presyon. Yun lang. Nagpapasalamat at pinupuri ko si Hesus sa kanyang milagrong ginawa sa aking buhay.

Dati, pirmi kong pakiramdam na wala akong pasensya at ninenerbyos ako sa gabi. Hindi ko maisip na mag-isa ako sa gabi. Takot ako sa dilim. Ang Diyos ay binigyan ako ng kanyang lakas. Ngayon, maari na akong mag isa kahit na gabing-gabi. Kahit walang ilaw, ako ay mapayapa kahit sa kandila lamang.

Napakarami na binigay ang Diyos na biyaya sa akin, sa lahat ng parte ng aking buhay. Binigay niya akong ng biyaya sa pagkasikat at galing sa aking trabaho. Lahat ng galing ko ay dahil sa kaniya.

Tuwing umaga, inuumpisahan ko ang araw ko ng pagdadasal kay Hesus, at pinuubaya ko sa kanya ang aking sarili. Nagpapasalamat ako sa lahat ng biyayang binigay niya, tuwing gabi, bago ako matulog. Pag mayroon akong oras sa araw na walang ginagawa, inaalala ko Siya, pinupuri ko siya, at nagpapasalamat ako sa kanyang biyaya at grasiya na binigay niya sa akin at ng aking mga minamahal.

Jeremias 32:27

“Narito, ako ang Panginoon, ang Dios ng lahat na tao; may anomang bagay bago na totoong mahirap sa akin?”

Mga Taga-Filipos 4: 13

“Lahat ng mga bagay ay aking magagawa doon sa nagpapalakas sa akin.”

Istorya ni Alphonsa – Ang Diyos ang nagbibigay ng biyaya, wala na tayong ibang kailangan pa

Binigyan ako ng trabaho sa Pranses ng isang taon. Nagdasal ako at tinanggap ko yung trabaho. Ang mga katrabaho ko at binalaan ako na mahirap tumira sa Pranses, dahil ang mga tao doon ay hindi nakakaintindi ng Inggles, at ito ay malaking hirap na kailangan kong harapin araw-araw kung hindi ako marunong magsalita ng Pranses. Sabi nila na ang mga kliente sa trabaho ko ay hindi mabait. Sinabi din nila na iba ang kultura at maraming taga-India doon sa ciudad. Ibig sabihin, mahirap ang buhay doon at nakakabigat sa loob.

Inilaan ko lahat itong sinabi nila kay Hesus sa aking dasal. Ang Diyos ang naglagay ng itong kagustuhan na ito sa aking puso, at ipagdasal ko yung mga taong tiga-roon na makikilala ko. Sa sumusunod na buwan, habang ginagawa ang mga papeles ko, nag umpisa ako magdasal para doon sa lugar na pupuntahan ko araw-araw. Pinagdasal ko din ang aking magiging kasama sa trabaho, at ang aking magiging lugar ng trabaho.

Tinutupad ng Diyos ang lahat ng kanyang pangako. Inaruga ng Diyos ang pinaka maliit na kailangan ko. Sa eroplano papunta sa Marseilles (sa Pranses), may nakilala akong isang babaeng Pranses na magaling mag-Inggles. Binigay niya ako ng maraming payo na nakatulong sa akin. Lumabas ako sa airport at sumakay sa taksi. Nagulat ako, at ang tsuper ng taksi ay marunong mag-Inggles! Napakadali akong nakarating sa hotel. Sa lahat ng mga nangyari sa akin, ang Panginoon ay tinulungan ako. Binigyan niya ako ng biyaya ng mabuting kaibigan noong natira ako sa Pranses. Wala akong naging problema sa trabaho, at pakikiharap sa mga kliente. Sa katotohanan, marami akong naging mabuting kaibigan doon. Nakatagpo ako ng isang simbahan na Inggles ang serbisyo tuwing Linggo. Nakakita ako ng maliit na tirahan, na tamang-tama para sa aking pagtira doon.

Imbis na mahirapan ako sa Pranses, ang pagtira ko doon ay punong-puno ng biyaya ng Diyos na hindi ko maisasalita. Nalulungkot ako pag naiisip ko ang aking pagtira sa Pranses at gusto ko ulit bumisita doon. Marami akong naging kaibigan doon. May dagdag pa na ang Diyos ay ginamit ako na isang instrumento na maihiwatig ko ang kanyang pagmamahal sa maraming tao. Pinupuri ko si Hesus!

Mga Taga-Filipos 4: 19-20

“At pupunan ng aking Dios ang bawa't kailangan ninyo ayon sa kaniyang mga kayamanan sa kaluwalhatian kay Cristo Jesus. Ngayon nawa'y suma ating Dios at Ama ang kaluwalhatian magpakailan man. Siya nawa. “

Istorya ni Herawati- Si Hesus ang ating Nagpapagaling

Tuwing umaga, naglalakad kaming mag-asawa. Nung isang linggo habang akong naglalakad, bigla akong nanghina. Hindi ako makalakad. Tinulungan ako ng asawa ko na makabalik sa bahay. At nahiga ako sa kama. Kahit minsan, hindi ako nakaramdam ng ganito. Hindi ko alam kung ano ang nangyayari sa akin. Habang nakahiga ako, naisip ko si Hesus. Naalala ko na siguro ang anak kong dalaga ay malamang nasa simbahan. Kinuha ko ang aking cellphone at pinadala ko siya ng text at sinabi ko sa kanya sabihin “Hello” kay Hesus, mula sa akin. At sabihin sa kanya na ako’y nanghihina.

Tinawagan ako ng anak ko, at sabay kami nagdasal kay Hesus para akong gumaling. Si Hesus ay namatay para sa atin sa krus, at inalis niya ang ating mga kasalanan at ating mga sakit. Nung nagdasal kami kay Hesus, pareho naming sinabi ang kanyang pangako na ako ay gumaling sa kanyang mga sugat ng latigo. Inisip ko na ako ay gumaling na. Pagkatapos ng ilang minuto, naramdaman ko na ako’y malakas na at naging normal ang pakiramdam ko.

Pinuri ko ang Diyos sa lahat niyang mga pangako ay totoo! Salamat Hesus! Pinagaling mo ako!

Mga Awit 103: 1-5

“Purihin mo ang Panginoon, Oh kaluluwa ko: at lahat na nangasa loob ko ay magsisipuri sa kaniyang banal na pangalan. Purihin mo ang Panginoon, Oh kaluluwa ko, at huwag mong kalimutan ang lahat niyang mabubuting gawa. Na siyang nagpapatawad ng iyong lahat na mga kasamaan; na siyang nagpapagaling ng iyong lahat na mga sakit; Na siyang tumutubos ng iyong buhay sa pagkapahamak: na siyang nagpuputong sa iyo ng kagandahang-loob at malumanay na mga kaawaan: Na siyang bumubusog sa iyong bibig ng mabuting bagay; Na anopa't ang iyong kabataan ay nababagong parang agila. “

Isaias 53: 5

“Nguni't siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalansang, siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan, ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa kaniya; at sa pamamagitan ng kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo.”

Istorya ni Amelia sa paggaling- Kwento ng pagtiyaga dahil sa dasal

Si Amelia ay pirming may impeksyon sa tenga nung bata siya. Dahil doon, yung specialista sa tenga ay naglagay ng tatlong tubo sa kanyang tenga. Yung pinakahuling tubo ay nagiwan ng isang butas sa kanyang salamin ng tenga. Yung ispesyalista ay hinatol na operahan para sumara ang butas. Pero ang kanyang magulang ang nagdasal sa Diyos, sa paniniwala na ang Diyos ay magpapagaling sa kanyang tenga. Ilang taon pagkatapos ng impeksyon, napansin ni Amelia na may ingay na kakaiba sa kanyang tenga. Ang magulang ni Amelia ay nagdasal sa Diyos, at pinapahiwatig na pinapagaling niya ang tenga ni Amelia.

Sa susunod na pagtinging ng kanyang doktor, mga magulang ni Amelia ay inaasahan na sabihin na ang kanyang tenga ay magaling na. Subalit, sa kanilang pagkagulat, sabi ng kanyang doktor na hindi nagbago yung butas.

Anong nangyayari? Ang mga magulang ay dasal ng dasal, at pirmi sinasabi na gumagaling, ngunit sinasabi na hindi gumagaling.

Pagkalipas ng apat na taon, bumalik sila ulit sa specialista. Tiningnan niya at sinabi na magaling na yung kanyang tenga.

Malimit natin nakikita ang pangako ng Diyos na natutupad kaagad. Subalit, may mga panahon na ang Diyos ay nangangailangan ng ating buong tiwala na ang Diyos ay tapat at tinutupad ang lahat ng kanyang mga pangako.

1 Mga Taga Tesalonica 5: 16-18

“Mangagalak kayong lagi; Magsipanalangin kayong walang patid; Sa lahat ng mga bagay ay magpasalamat kayo; sapagka't ito ang kalooban ng Dios kay Cristo tungkol sa inyo.”

Mga Awit 30:2

“Oh Panginoon kong Dios, dumaing ako sa iyo, at ako'y pinagaling mo.”

Lucas 17: 19

“At sinabi niya sa kaniya, Magtindig ka, at yumaon ka sa iyong lakad: pinagaling ka ng iyong pananampalataya.”

Istorya ni Saraswati- Ang Diyos alam ang ating mga pangangailangan, kahit tayo hindi natin alam

Mga Awit 42:1

“Kung paanong humihingal ang usa sa pagkauhaw sa tubig ng mga batis, gayon humihingal ang aking kaluluwa sa pagkasabik sa iyo, Oh Dios.”

Nagkaroon ako ng isang sariling karanasan kay HesuKristo nung pinagaling niya ako sa isang malalang sakit. Magmula noon, pirming akong uhaw at sabik na malaman pa tungkol sa pagmamahal ng Diyos at ang kanyang mga paraan. May malalim akong pagnanais sa aking puso na mayroon magtuturo at mag aaruga sa aking tungkol sa Diyos at tungkol sa mga bagay na spirituwal. Nagdasal ako sa Diyos. Naghanap ako ng payo sa mga nakaktanda, ngunit lahat sila ay walang panahon. Nagdadasal ako para magkaroon ako na magtuturo sa akin para mayroon akong makausap, at sabay kaming sumamba sa Diyos at magbigay puri sa kanyang pangalan sa lahat ng panahon.

Samantala, patuloy akong nag aaral ng Biblia, nagdadasal at nagninilay-nilay. Pinagpala ako ng Diyos ng maraming iba-ibang paraan. Sa paglipas ng panahon, tumigil na akong magdasal para makakuha ng isang guro. Mga ibang bagay ang aking napansin, at nagdasal ako para sa ibang layunin.

Dalawang taon ang nagdaan. Dumalo ako sa isang “Christian leadership conference”. Nakatagpo ako ng isang guro at naramdaman ko ang isang malakas na patnubay ng Espiritu Santo, para kausapin ko siya. Naramadaman ko ang isang malakas na kaugnayan sa kanya, pero hindi maintidihan kung ano iyon. Naramdaman ko na inaakay ako ng Espiritu na kausapin ko siya, pero hindi ko ginawa. Nanahimik lang ako.

Nagumpisa ang kanyang pagtuturo at nakinig akong mabuti sa lahat ng kanyang pagtuturo. Tinuro niya ang maghantay sa Panginoon, paano ako makalapit sa Diyos at makita ko ang kanyang Kalooban para sa akin. Pagkatapos ng ilang araw, natapos na ang kanyang pagtuturo at pauwi na siya. Naramadaman ko na dapat ko siya kausapin pero hindi ko ginawa. Dinala ko siya sa sasakyan at umalis siya. Akala ko na ang aking pakiramdam na kausapin ko siya ay lilipas pagkatapos ng ilang araw pero hindi nawala.

Nagdasal ako sa Diyos. Pagkatapos ng dalawang araw, pinadalhan ko siya ng email na sulat at sumagot siya sa akin. Inisip ko “Siya ba ay magiging kong guro? Pero paano ko siya mahihingi na guro, hindi niya ako kilala? Magkaka oras ba siya para sa akin? Mag tiyatiyaga ba siya para sa akin?” Nagdasal ako at tinanong ko siya kung pwede siya maging guro ko, at siya ay pumayag.

Pinupuri ko ang Diyos. Siya ay talangang mapagmahal na Diyos. Sinagot niya ang aking dasal! Sa daan ng panahon, nakalimutan ko ang aking dasal, subalit ang Diyos ay hindi nakalimutan ang aking dasal at sinagot niya ang aking dasal. Siya ay talagang matapat!

Gusto ko ng guro subalit ang Diyos ay binigay ako ng mas malaking biyaya. Binigyan niya ako ng mabuting kapalaran ng isang guro, coach at ate (mayroon akong kuya pero walang ate) na nagaalaga sa aking sa lahat ng bagay. Siniguro ng Diyos na yung tao na nag aruga sa akin ay naiintindihan ang aking pagkatao, ang aking trabaho at pwede niya akong arugain sa lahat ng parte ng aking buhay sa aking biyaya! Nagpapsalamat ako sa Diyos na biniyayaan ako ng isang magaling na Ate!

Ang Diyos ay nagpapakita sa iba-ibang paraan! Marami akong inaaral sa aking Ate at marami akong natutunan bagong bagay. Sa mga sumusunod na araw, ang Diyos ay pinapatnubayan ako na makatagpo ng ibang tao na pwedeng matuto sa lahat ng aking natututunan. Ginamit ako ng Diyos na kanyang instrumento para matulungan ang ibang tao.

Salamat Panginoon, magaling ang inyong pagmamahal at katapatan! Masaya ako sa aking paglalakbay ng pananampalataya. Nagumpisa ako kasama ang aking Diyos at aking ate (aking kapatid, at Didi).

Mateo 7: 7-11

“Magsihingi kayo, at kayo'y bibigyan; magsihanap kayo, at kayo'y mangakasmuspong; magsituktok kayo, at kayo'y bubuksan: Sapagka't ang bawa't humihingi ay tumatanggap; at ang humahanap ay nakasmuspong; at ang tumutuktok ay binubuksan. O anong tao sa inyo, ang kung siya'y hingan ng tinapay ng kaniyang anak, ay bato ang ibibigay; O kung hingan siya ng isda, ay bibigyan niya ng ahas? Kung kayo nga, bagaman masasama ay marurunong mangagbigay ng mabubuting kaloob sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang inyong Ama na nasa langit na magbibigay ng mabubuting bagay sa nagsisihingi sa kaniya?”

Mga Kawikaan 3: 5-6

“Tumiwala ka sa Panginoon ng buong puso mo, at huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan: Kilalanin mo siya sa lahat ng iyong mga lakad, at kaniyang ituturo ang iyong mga landas”.

Istorya ni Paramita- Ang Diyos ang ating taga-kalinga (Kapangyarihan ng Psalm 91)

Mayroon akong isang pulong, nang nakatanggap ako ng mensahe mula sa aking kapatid na nagsabi na nagka-aksidente ang aming ina at dinadala sa ospital. Lumabas ako at napunta sa balkonahe at tinawagan ko siya. Sinabi ng aking tio na isang niyog ay nahulog sa ulo ng aking ina, at siya ay dinala sa ospital. Ang ina ko ay nakatira sa ibang lugar na malayo sa aming magkakapatid, na nasa Bangalore. May ilang sandali na nabahala ako. Tinawagan ko ang aking tio pero hindi ko siya maabot. Tinawagan ko ang aking tia at kinausap ko siya. Wala siyang ibang masabi sa akin. Siya rin ay nagmamadali para makapunta sa aming bahay. Hindi ako mapakali. Sino ang makakasabi sa akin ng pinaka huling balita? Nasaan ang aking ina? Tinawagan ko ang aking tiyo. Huminto ako. Ano itong ginagawa ko? Bakit hindi ko hinahanap ang makakasagot sa aking mga tanong at pangako sa amin? Nagdasal ako kay Hesus.

Tuwing umaga pagkagising ko at sa gabi bago matulog, dinadasal ko ang Psalm 91. Sinasabi ko ang pangako ng Diyos na ang kanyang proteksyon para sa aking mga minamahal at para sa akin. Nakatayo ako sa balkonahe ng opisina, nagdasal ako ng Psalm 91 at hiningi ko ang kanyang mga pangako para sa aking ina. Sinuko ko ang aking ina sa Diyos at sinabi ko sa kanya na naniniwala ako sa kanyang mga pangako. Naramdaman ko ang kapayapaan. Ito ang kapayapaan ni Kristo. Nagulat ako sa itong kapayapaan. Dinadala ang ina ko sa ospital? Bakit ako mapayapa? Kaya pala. Ang kapayapaan ni Kristo ay humihigit sa lahat ng pagiisip ng mga tao. Tinawagan ko ang aking kapatid, at sinabi ko sa kanya na ang aking ina ay magiging mabuti. Sinabi ko sa kanya na si Hesus ay may pananagutan. Bumalik ako sa pulong.

Pagkatapos ng pulong, tinawagan ko ang aking tio na nagdala sa aking ina sa ospital. Kinausap ko siya, tapos ang aking ina. Ang aking ina ay mabuti, at konting nanginginig. Ang doktor ay nagpayo ng “scan” at sabi malalaman ang resulta sa gabi pa.

Tumawag ako ng gabi para malaman ang resulta ng scan. Purihin and Diyos, purihin si Hesus! Walang nakitang masama! Isang niyog ang bumagsak sa ulo ng aking ina pero walang nakitang sugat! Pinainom lang siya ng gamot para sa sakit at may isang maliit na bukol. At wala na ibang gamot!

Pagkatapos, sinabi ng ina ko na habang dinadala siya sa ospital, tinatawagan niya si Hesus na alagaan siya.

Napansin ng aking ina na pagkatapos ng nangyari sa kanya, yung “spondylitis” na problema niya dati ay nawala. Baka dahil sa umpog ng niyog! Isang biyaya na nakakubli! Salamat sa Diyos!

Psalm 91 ay isa sa pinaka malakas na pangako ng Diyos na proteksyon sa atin. Idinadasal ko ang Psalm 91 tuwing umaga at tuwing gabi. Madaming tao ay pwedeng magbigay ng patunay ng kalinga ng Diyos kung dadasalin ang Psalm 91. At dinadasalan ko na ang pangako at lakas ng Psalm 91 ay kakalat sa ibang bansa at ibang tao sa lahat ng parte ng mundo.

Mga Awit 91: 9-13

“Sapagka't ikaw, Oh Panginoon, ay aking kanlungan! Iyong ginawa ang Kataastaasan na iyong tahanan; Walang kasamaang mangyayari sa iyo, ni anomang salot ay lalapit sa iyong tolda. Sapagka't siya'y magbibilin sa kaniyang mga anghel tungkol sa iyo, upang ingatan ka sa lahat ng iyong mga lakad. Kanilang dadalhin ka sa kanilang mga kamay, baka matisod ka ng iyong paa sa isang bato. Iyong yayapakan ang leon at ang ulupong: ang batang leon at ang ahas ay yuyurakan mo ng iyong mga paa.”

Mga Awit 91: 15-16

“Siya’y tatawag sa akin, at sasagutin ko siya; ako’y sasa kaniya sa kabagabagan: aking ililigtas siya, at pararangalan siya. Aking bubusugin siya ng mahabang buhay, at ipakikita ko sa kaniya ang aking pagliligtas”

Istorya ni Amitesh- pagtitiwala sa walang-hanggang karunungan ng Diyos

Natapos ko ang aking MBA at naghanap ako ng trabaho sa Bangalore. Dumating ako sa Bangalore at inumpisahan ko ang paghanap ng trabaho. Nagprisinta ako sa maraming kompanya. Maraming linggo ang lumipas, pinagbutihan kong mabuti subalit hindi ako nakakuha ng kahit anong trabaho. Masama ang aking pakiramdam. Lalo na akong nalungkot dahil malayo ako sa aking tahanan. Kinausap ko ang aking ina, at siya din ay nalulungkot. Sabi niya, tumigil muna akong maghanap ng trabaho at umuwi muna ng ilang araw. Bumili ako ng ticket para lumipad. Inayos ko ang mga gamit ko para makauwi. Yung mga araw na iyon, natira ako sa bahay ng aking kaibigan sa Bangalore. Noong palabas na ako sa kanyang bahay, may tumawag sa akin galing sa isang kompanya. Gusto nila akong makita kinabukasan para ma interview. Sinabi ko na uuwi na ako ng ilang araw. Pinakiusap ko kung pwedeng pag balik ko na lang. Sabi nila, marami na silang interview sa kinabukasan, at kung ako ang mapili, kailangang akong magumpisa kaagad ng trabaho. Sabi nila, kapag hindi ako makarating kinabukasan, hindi na nila ako pipiliin. Inisip ko kung ako uuwi or mag interview.

Yung interview ay para sa call center na trabaho, na kailangan mag trabaho sa gabi. Ilang linggo na ako naghahanap ng trabaho at gusto ko nang mag umpisa ng trabaho para ako makakita. Pag hindi ako makauwi, hindi ko makikita ang aking magulang at alam ko na gusting gusto akong makita ng ina ko. Hindi ko alam kung anong gagawin ko. Ang isang desisyon ay para sa aking trabaho, at ang isa para sa aking magulang na hindi ko na nakita pagkatapos ng matagal na panahon. Alam ko na gusto nila akong makita, pero gusto rin nila akong makakuha ng trabaho. Hindi ko alam kung anong gagawin ko.

Tinawagan ko ang aking nakakatandang kapatid at kinwento ko ang aking problema sa kanya. Tinanong niya sa akin kung nasaan na ako. Sinabi ko sa kanya na kasa pintuan ng aking kaibigan at palabas na papunta sa aking bayan. Yung isang paa ko may isang sapatos, at isang kamay ko hawak ang telepono nung kausap ko siya. Hindi ko alam kung papasok ako sa loob or susuot ng sapatos at lalabas na ako.

Ang kapatid ko binigyan ako ng pangako na galing sa Biblia at tinuro sa aking kung paano magdasal kay Hesus:

Mga Kawikaan 3: 5-6

“Tumiwala ka sa Panginoon ng buong puso mo, at huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan: Kilalanin mo siya sa lahat ng iyong mga lakad, at kaniyang ituturo ang iyong mga landas”.

Sabi niya sa akin, pumunta ako sa isang lugar na tahimik at magdasal kay Hesus at gamitin ko ang payo na galing sa bibliya (Mga Kawikaan 3:5-6). Pinayuan niya ako na isuko yung aking problema kay Hesus at ipakiusap ko sa kanya na patnubayan ako. Naupo ako at isinara ang aking mata at nagdasal ako kay Hesus. Ginamit ko ang verse na binigay niya sa akin. Sinabi ko kay Hesus na nagtitiwala ako sa kanyang karunungan. Sinuko ko ang sitwasyon kay Hesus at tinanong ko siya na patnubayan niya ako. Isang mahinang boses ang nagsalita sa akin “Umuwi ka”. Kaagad nakaramdam ako ng kapayapaan.

Nagdesisyon akong umuwi. Alam kong maraming taong magiisip na masama ang aking desisyon, kasi dapat yung trabaho ko ang nangunguna. Subalit, nakaramdam ako ng kapayapaan kasi alam ko na sumusunod ako sa payo ng Diyos. Umuwi ako at nagkaroon ako ng masayang panahon kasama ng aking magulang at kaibigan. Kaagad, nakakuha

ako ng maraming alok sa trabaho, galing sa tatlong kompanya. Hindi ko alam kung anong pipiliin ko dahil marami akong pagpipilian. Masayang masaya ako. Hindi ko pa alam na may mas magaling pang trabaho na iaalok sa akin.

Nakakuha ako sa iba pang alok na trabaho para sa isang managerial position sa isang organization sa gobyerno na magaling ang sweldo. Masaya ako at nagulat dahil ito ang aking unang trabaho. Ang sweldo na binigay sa akin ay apat na beses na mas mataas kaysa sa call center na trabaho sa Bangalore na ang trabaho ay sa gabi.

At nandito ako! Si Hesus ay binigyan ako ng biyaya ng magaling na trabaho, posisyon, sweldo at magandang lugar. Hindi ko alam kung paano ko Siya pasasalamatan.

Mga Awit 66: 19-20

“Nguni’t katotohanang dininig ako ng Dios; kaniyang pinakinggan ang tinig ng aking dalangin. Purihin ang Dios, na hindin iniwaksi ang aking dalangin, ni ang kaniyang kagandahang-loob sa akin.”

Istorya ni Subrata- Si Hesus ang aking taguan at kublihan; Pakupkup kayo sa Diyos

Mga Awit 91: 2

“Aking sasabihin tungkol sa Panginoon, siya’y aking kanlungan at aking katibayan, ang Dios ko na siyang aking tinitiwalaan.”

Katatapos ko lamang ang pagtayo ng aking bahay, at gusto ko pa rentahan ang unang palapag. Kailangan ko ang pera na manggagaling sa renta. Yung aking anak na lalaki ay may sakit, at dinala sa Bangalore para gamuting dalawang beses sa isang taon. Ang perang makukuha ko sa renta ng unang palapag ay magagamit ko. Pero hindi ako makakuha ng mag renter. Ako ay nagaalala.

Ang asawa ko ay kararating lang pagkatapos ng limang araw ng spiritual retreat. Sinabi niya sa akin ang kanyang naranasan sa retreat. Na na enkwentro niya si Hesus at ang kanyang ibang kasama sa retreat. Sinabi niya na ang kanyang mga kasama ay nagdasal at pinuri at sinamba si Hesus. Napalakas ang loob ko na magdasal kay Hesus na bigyan kami ng taga-upa.

Ang aking hipag ay nagsabi sa aking tungkol sa lakas ng pangako ng Diyos sa dasal na sinabi sa Biblia, at kung paano tayo magdadasal kay Hesus na may pagtitiwala. Nagumpisa ako magdasal kay Hesus. Dinasal ko ang Psalm 91 araw araw. Pagkatapos ng ilang araw, nakakuha ako kaagad ng tagaupa na tamang tama. Nag alinlangan pa ako kung ito yung mabuti o hindi na tagaupa. Tapos dinesisyon ko na isuko ang problema kay Hesus. Si Hesus ang aking taga-aruga at kapag sumuko tayo kanya, siya ang mag aasikaso ng lahat. At si Hesus nga ang nag asikaso ng lahat. Siya ay matapat, nakakuha ako ng magaling na tagaupa. Maganda rin ang bayad. Dahil sa kanyang bayad, nabayaran ko ang lahat ng gastos ng aking anak sa ospital. Lahat ng aking problema sa pera ay nawala. Ang anak ko ay malapit na rin gumaling. Purihin ang Diyos! Siya ay mapagmahal. Lahat tayo ay anak ng Diyos katulad ni Hesus.

Mga Awit 91: 14-15

“Sapagka’t kaniyang inilagag ang kaniyang pagibig sa akin, kaya’t iniligtas ko siya: aking ilalagay siya sa mataas, sapagka’t kaniyang naalaman ang pangalan ko. Siya’y tatawag sa akin, at sasagutin ko siya; ako’y sasa kaniya sa kabagabagan: aking ililigtas siya, at pararangalan siya.”